Deskriptibong Abstrak

Ito ay **maiksi** lamang na uri ng sulatin. Binubuo lamang ito ng **isang daan o kulang isang daan na mga salita**. **Walang konkretong buod o resulta** ng isang sulatin ang mababasa sa uri ng abstrak na ito. Maihahalintulad lamang ito na **parang isang plano** lamang na dapat na sundan ng isang manunulat.

Impormatibong Abstrak

Marami sa mga abstrak na sulatin ay impormatibo ang uri. Halos lahat ng elemento ng abstrak na sulatin ay napaloob sa impormatibong uri. **Detalyado at malinaw** ang mga impormasyon na makikita sa babasahing ito.

Higit sa lahat ay kapakipakinabang ito para sa mga magbabasa nito. Ito ay **mahaba** kumpara sa deskriptibong abstrak. Kumpleto ito at **binubuo ng halos dalawang daan at limampong salita o higit pa**.

This study source was downloaded by 100000891735838 from CourseHero.com on 10-08-2024 06:54:15 GMT -05:00

https://www.coursehero.com/file/151493054/Deskriptibong-at-Impormatibong-Abstrakdocx/

Deskriptibong Abstrak

ni: Angelica Dañoso

Pamagat: Pananaliksik ukol sa epekto ng Paninigarilyo

Mananaliksik: Mananaliksik mula sa Seksyon IV- st. Titus na ikaapat na taon sa sekondarya

Paaralan: Flos Carmeli Institution of Quezon City

Tagapayo: Bb. Jessilyn Ranges

Ang pananaliksik na ito ay tatalakay patungkol sa kung anong mga sakit ang pwedeng makuha sa paninigarilyo, Bakit kadalasan sa gumagawa nito ay mga kabataan at pa- paano ito maiiwasan. Tukuyin kung ano ang karaniwang dahilan kung bakit naninigarilyo ang mga kabataan. Alamin kung ano ang aspektong naaapektuhan sa buhay ng isang mag-aaral na naninigarilyo. Tukuyin ang iba't-ibang pamamaraan ng pagkontrol sa mga naninigarilyo. Sakop ng pag-aaral na ito ang mga taong naninigarilyo o mga smokers sa subdibidsyon ng mananaliksik sapagkat sila ang mas madaling lapitan.

This study source was downloaded by 100000891735838 from CourseHero.com on 10-08-2024 06:54:15 GMT -05:00

https://www.coursehero.com/file/151493054/Deskriptibong-at-Impormatibong-Abstrakdocx/

Impormatibong Abstrak

ni: Carmela Nicole Latumbo

Pamagat: Pananaw ng mga mag-aaral sa Senior High School sa pamimigay ng condom.

Mananaliksik: Montero, Joan , et.al

Paaralan: Surigao Del Sur State University

Tagapayo: Gng. Merlyn Etoc. Arevalo

Petsa: Marso, 2017

Isinasagawa ang pananaliksik na ito upang maipaunawa sa mga mambabasa ang maaring maidudulot ng pamimigay ng condom sa mga mag-aaral, nakakatulog ito upang mamulat at mapalawak ang kanilang isipan, mabigyang linaw ang kanilang mga katanungan, maibatid nila ang tama at mali at upang maproteksyonal ang kanilang mga dignidad para makamit nila ang landas tungo sa magandang kinabukasan. Pag-aaral sa papel na ito ay ang pananaw at ang mga maaaring maidulot nito sa mga mag aaral sa SHS ng Surigao Del Sur State University tungkol sa pamimigay ng condom. Alamin kung anu-ano ang pananaw ng mga mag-aaral sa SHS sa pamimigay ng condom at kung ano ang epekto nito sa mga mag-aaral sa SHS. Ang disensyo ng pag-aaral o pananaliksik ay deskriptib-sarbey sapagkat naangkop ito sa estudyanteng may pananaw tungkol sa pamimigay ng condom. Ayon sa nakalap na resulta, nasuri ito sa karamihan na mga respondente na may pananaw na ang pamimigay ng condom sa mga paaralan ay nakakasama sapagkat katumbas ito ng pagkumsinti ng awtoridad sa malayang pagtatalik ng mga kabataan kahit di kasal. Batay sa natuklas na mga konklusyon suhestyon ng mga mag-aaral na dapat ituro ang sex education sa mga paaralan sa halip na magbigay ng condom.

This study source was downloaded by 100000891735838 from CourseHero.com on 10-08-2024 06:54:15 GMT -05:00

https://www.coursehero.com/file/151493054/Deskriptibong-at-Impormatibong-Abstrakdocx/